TSPI Tulay sa Pag-unlad, Inc. (A Microfinance NGO) TSPI MUTUAL BENEFIT ASSOCIATON, INC.

# MAGANDANG BALITA NG SAMBAYANIHAN®

ISSUE NO.2 | PERIOD: SEPTEMBER 2022

## SAMBAYANIHAN® LOGO, ANO ANG IBIG SABIHIN NITO?

Magandang Balita! Ang TSPI Sambayanihan Logo ay isa nang official trademark ng TSPI. Naigawad ang ***"Certificate of Registration"*** ng Sambayanihan® Logo sa TSPI noong Abril 23, 2022. Ito ay ipinagkaloob ng Intellectual Property Office of the Philippines (IPO Phil), ang ahensya na nagbibigay ng lehitimong karapatan sa isang organisasyon sa pag-gamit ng patente o pagkakakilanlan nito. Ang Sambayanihan® Logo ay isang mahalagang simbolo sa pagpapakilala ng misyon, adhikain mga programa at serbisyo ng TSPI. Sa diwa ng tunay na pag**SAMBA**, tayo ay maglilingkod ng may pag-ibig sa Diyos at sa isat-isa, sa mga nangangailangan bilang isang **BAYAN** at bilang mga **BAYANI**, ayon sa ating kultura ng **BAYANIHAN** tungo sa masaganang **ANI** ng pagpapala mula sa katapatan ng Diyos!

**Ang Sambayanihan® logo ay binubuo ng mga letra at mga simbulo na mayroong mahalagang pakahulugan. Ating nang alamin ang mga ibig sabihin nito!**

**Simbahan/Bahay Dalanginan (letrang "A")**
Ang simbahan o bahay dalanginan ay pagpapakilala na ang TSPI ay isang Kristiyanong organisasyon, bilang isang katawan na naglilingkod sa Panginoon sa pamamagitan ng kanyang programa at serbisyo. At ito ay naglalayon na maiparanas sa mga miyembro ang kabutihan at pagmamahal ng Diyos.

**MBA (Mutual Benefit Association)**
Ang TSPI Mutual Benefit Association, Inc. (MBAI) ay nagbibigay ng programang pangseguro (insurance) sa mga kliyente, kawani at kapamilya ng TSPI. Ito rin ang organisasyon na sumusuporta sa iba't-ibang social development activities ng Sambayanihan Program para sa benepisyo ng mga miyembro.

**Bungkos ng Palay (letrang "Y")**
Kumakatawan ang bungkos ng palay sa masaganang ani o bunga ng ating paglilingkod. Ito rin ay bilang pagpapahalaga sa mga maliliit na magsasaka na may malaking naitutulong sa ekonomiya ng ating bansa.

**Bahay-kubo (letrang "A")**
Ang bahay-kubo ang simbolo ng bawat pamilyang Pilipino bilang mahalagang yunit ng komunidad. Natutulungan ng programa at serbisyo ng TSPI hindi lamang ang indibidwal na kasapi bagkus ay ang kanilang buong sambayanan at komunidad.

**Nakataas na kama (letrang "I")**
Ang nakataas na kamay ay nagpapakita ng pagsamba at pagboboluntaryo sa paglilingkod. Sa TSPI, ang taos-pusong paglilingkod na isinasagawa ng mga kawani at kasapi ay isang pagpapakita ng pagsamba sa Diyos.

**Salakot (letrang "A")**
Ang salakot ay gamit proteksyon para sa init ng araw o ulan. Ito ay sumisimbolo sa programang pang-seguro ng TSPI bilang isang mahalagang seguridad ng mga pamilya sa mga panahong hindi inaasahan tulad ng aksidente, sakuna o pagkamatay.

**Kawayan (letrang "N")**
Ang halamang kawayan ay nagpapakita ng mga katangian ng kalakasan, katatagan at katapatan. Ang kalakasan at katatagan ng TSPI ay naipakita sa kabila ng iba't ibang hamon at pagsubok. Dahil sa katapatan ng Diyos, nanatiling tapat din ang TSPI sa kanyang misyon sa pagbibigay ng pag-asa at pagpapalaganap ng mabuting balita sa mga komunidad.



## SAMBAYANIHAN® PROGRAM

(TSPI MBAI Members' Benefit Program)

Ang Sambayanihan® Social Development Program ay isinasagawa sa pagtutulungan ng TSPI microfinance NGO, Mutual Benefit Association, Inc. (MBAI) at iba pang partners na ahensya o organisasyon. Ito ay mga community activities para sa benepisyo ng mga kliyente at kawani ng TSPI at sa kanilang mga kapamilya. Ang SAMBAYANIHAN® PROGRAM ay may limang aspeto – Values formation, Enterprise Training and Development, Health and Sanitation, Disaster and Medical Assistance, and other Benefits.

### Values Formation

**Usapang Paglago kay Kristo**

Lingguhang pag-aaral sa center meeting ng mga kliyente tungkol sa salita ng Diyos upang higit na makilala at mapalalim ang ugnayan sa Panginoon. Ang Account Officer ang tagapanguna sa Usapang Paglago at Pananampalataya.

**Debosyon kay Kristo**

Pagsasagawa ng Spiritual Retreat para sa mga center leaders upang mapatatag ang kanilang pananampalataya at maging tunay na tagapaglingkod tulad ni Kristo sa kanilang mga ka-grupo, kapamilya at komunidad.

**Kasalang Bayan**

Pagbibigay ng pagkakaton sa mga miyembro na nais maikasal at tumaggap ng basbas mula sa Panginoon para sa pagsasama ng mag-asawa. Ang kasal ay mahalagang pundasyon para pasimulan ang matatag na pamilyang Kristiyano.

**Batang Kristiyano**

Pagbibigay ng pagkakataon sa mga miyembrong nais maghandog ng kanilang anak sa Diyos. Ang pagpapabinyag ng anak ay mahalagang aspeto sa pamilyang Kristiyano bilang paghahandog ng buhay ng mga bata sa kalooban ng Panginoon.

**Serbisyong Segurado**

Pagpapaunawa sa mga miyembro sa kahalagahan ng mga programang pang-seguro para sa pamilya. Ito ay isinasagawa ng TSPI MBAI kasama ng mga partner agencies ng PhilHealth at ng Social Security System (SSS).

### Enterprise Training and Development

**Usapang AGREE** (**A**grikultura **G**amit ang **R**esponsableng pagsasaka, **E**pektibong pamamaraan at **E**kspertong teknolohiya)

Pagbibigay ng kasanayan kasama ang iba pang partners (pribado or gobyerno) para sa mga miyembrong magsasaka upang magkaroon ng karagdagang kaalaman at pamamaraan sa pagsasaka. Ito rin ay naglalayon na mapalago ang kanilang agri-business para sa magkaroon ng dagdag na kita.

**Usapang Pag-unlad**

Pagsasanay para mas higit na mapalago ang negosyo ng mga miyembro ng TSPI Kabuhayan Program (TKP) at TSPI Maunlad Program (TMP) at maging sentro ang Panginoon sa pamamahala ng kanilang negosyo.

**Tulay Iskolar**

Pagbibigay ng Scholarship sa mga miyembro at sa kanilang anak o asawa na nais mag-aral ng technical course para magkaroon ng pagkakakitaan o trabaho. Ito ay sa pakikipag-ugnayan sa mga institution na gaya ng Technical Education and Skills Development Authority (TESDA).